

Para Makaiwas sa Sunog

Ø IWAS SUNOG SA TAHANAN



Huwag iwanang nakasaksak ang **chargers at appliances** kapag hindi ginagamit.



Kung maaari, magkaroon ng sariling **fire extinguisher** sa bahay.



Iwasan ang **jumper o illegal wiring** — nauunawaan ang pangangailangan, ngunit mas mahalaga ang kaligtasan.



Siguraduhing maayos ang inyong **electrical connections** at ipa-check kung kinakailangan.



Ayon sa mga bumbero, karamihan ng sunog ay nagsisimula sa electrical.



Panatilihing Handa ang Komunidad



TUMULONG BAGO PA ANG SUNOG

- Huwag harangan ang mga **kalsada** — daan ito ng mga **fire truck**.
- Panatilihing malinis at maluwag ang mga **daanan at eskinita** upang madaling makalikas ang mga residente.
- Huwag takpan o sirain ang **fire hydrants** para sa sariling paggamit.

Kapag nasira o nagamit nang mali ang hydrant, maaaring mawalan ng tubigang bumbero sa oras ng sunog.



Habang May Sunog



✓ DAPAT GAWIN



- Manatiling kalmado at **lumikas agad**.
- Tumawag agad sa **Bureau of Fire Protection (BFP) o 911**.
- Sumunod** sa mga bumbero at awtoridad.



Ang mahinahong paglikas ay susi para makaiwas sa panganib.

✗ HINDI DAPAT GAWIN



- Huwag **bumalik** sa nasusunog na lugar.
- Huwag **humarang** sa daan o sa operasyon ng bumbero.
- Huwag **makiusyoso o mag-video** muna.

Mas mahalaga ang mabilis na pagtawag kaysa pagkuha ng video.



Pagkatapos ng Sunog



? SAAN PUPUNTA



Barangay evacuation center (covered court o barangay hall)



Sa mga **kamag-anak** o kakilala kung mas ligtas



Unahin ang inyong kaligtasan sa pamamagitan ng pagpunta sa ligtas na lugar.

? SAAN HIHINGI NG TULONG



Barangay Office – initial assistance at coordination



Department of Social Welfare and Development (DSWD) – relief goods at shelter assistance



City Social Welfare and Development (CSWD) – lokal na tulong at assessment



Bureau of Fire Protection (BFP) – fire incident report

Ang bawat ahensya ay may iba't-ibang tulong at serbisyo.





Handa Ka Ba?

Ang “**Pag May Sunog**” ay isang **fire safety campaign** ng mga mag-aaral mula sa De La Salle-College of Saint Benilde.

Nagtuturo ito ng pag-iwas sa sunog at mga dapat gawin bago, habang, at pagkatapos nito para sa kaligtasan ng komunidad.



Para sa iba pang impormasyon, i-scan ang **QR code** para pumunta sa aming **website**.



Bakit Mahalaga ang Tamang Gawain?



REALITY CHECK MULA SA MGA BUMBERO

- May mga taong **nang-aagaw ng fire hose** habang may sunog.
- May mga **nanghaharass o hindi sumusunod sa mga bumbero**.
- May mga **nakaharang sa daan o nakikiyoso**.



Ang mga bumbero ay may **training at sistemang sinusunod**.

Ang pakikialam ay maaaring **makapagpabagal ng pag-apula ng sunog**.



Mabilisang Fire Safety Checklist



SIGURADUHING HANDA KA

- ☐ Alam ng pamilya ang **evacuation route**.
- ☐ Naka-save ang **emergency numbers** sa telepono.
- ☐ Naipasuri o na-check ang **electrical connections**.
- ☐ Walang nakaharang sa mga **daanan at eskinita**.
- ☐ Alam kung saan ang pinakamalapit na **evacuation center**.

Hindi pa kumpleto ang lahat? Simulan na ang paghahanda ngayon.



PAG MAY SUNOG

Ano ang dapat gawin?



Isang gabay para sa kaligtasan ng iyong pamilya at komunidad